AHENSIYA PARA SA MGA PANGKALAHATANG SERBISYO
OPISINA PARA SA PAGPAPATUPAD NG MGA PAMANTAYAN
SA PAGGAWA
(OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT)
PATRICK MULLIGAN, DIREKTOR

# Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad
# (Minimum Compensation Ordinance, MCO)
# ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN - HULYO 1, 2023

Layunin ng abisong ito na bigyan kayo ng impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad (Minimum Compensation Ordinance, MCO), Tsapter 12P ng Kodigong Administratibo (Administrative Code) ng San Francisco. Itinatakda ng MCO sa inyong taga-empleyo na magbigay ng iniuutos na pinakamababa nang antas ng bayad para sa mga empleyado ng (1) mga kontratista at kanilang subcontractor (kinokontrata ng kontratista), na nagkakaloob ng mga serbisyo sa Lungsod at sa County; (2) mga pampublikong entidad na pareho ang nasasakop na hangganan sa Lungsod at County at may mga kontrata sa lungsod; at (3) mga tenant (umuupa) at subtenant (nangungupahan sa tenant o umuupa) na nasa ari-arian ng Airport at kanilang mga subcontractor. Iniaatas sa Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards Enforcement, OLSE) ang pagpapatupad sa MCO. Hihilingin sa inyo na pirmahan ang dokumentong ito matapos ninyong marepaso ang sumusunod na impormasyon. Huwag pirmahan ang dokumentong ito maliban na lamang kung lubos na ninyong naiintindihan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito.

## ANG MGA ITINATAKDA NG MCO

1. Pinakamababang Bayad Kada Oras:
   - Ang Halaga para sa For-Profit (pangnegosyo) ay $20.22/oras na may bisa simula 7/1/23
   - Ang Halaga para sa Non-profit (hindi pangnegosyo) ay $18.93/oras na may bisa simula 7/1/23
   - Ang Halaga para sa Public Entities (Pampublikong Entidad) ay $19.25/oras na may bisa simula 7/1/23; $20.25/hour na may bisa simula 9/1/2023; $20.75/hour na may bisa simula 1/1/24.
   - Para sa mga kontratang pinasok bago ng Oktubre 14, 2007, ang halaga para sa trabahong ginawa sa loob ng Lungsod ng S.F ay ang pinakamababa nang sahod o minimum wage ng San Francisco ($18.07/oras na may bisa simula Hulyo 1, 2023). Ang halaga para sa trabahong ginawa sa labas ng S.F. ay $15.50/oras.
   - Puwedeng magbago ang mga halaga. Obligasyon ng inyong taga-empleyo na panatilihin kayong may impormasyon tungkol sa mga itinatakda at nakasulat na abisuhan ang mga empleyado ng anumang pagbabago sa bayad batay sa MCO.
2. May Bayad na Araw ng Pagliban (Days Off)
   - 12 may bayad na araw ng pagliban kada taon para sa bakasyon, pagliban dahil sa sakit (sick leave) o personal na pangangailangan
   - Prorated (nakabatay ang dami) ang may bayad na araw ng pagliban ng part-time na empleyado batay sa mga oras na trinabaho
3. Walang Bayad na Araw ng Pagliban
   - 10 walang bayad na pagliban kada taon
   - Prorated (nakabatay ang dami) ang walang bayad na araw ng pagliban ng part-time na empleyado batay sa mga oras na trinabaho
   - Hindi kuwalipikado ang mga pansamantala (temporary) at hindi regular (casual) na empleyado para sa walang bayad na pagliban sa trabaho

## IPINAGBABAWAL ANG PAGGANTI

Hindi kayo puwedeng gantihan ng inyong taga-empleyo at hindi rin puwedeng gantihan ang sinumang iba pang empleyado dahil gusto ninyong malaman pa ang tungkol sa MCO o ginagamit ninyo ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas. Kung naniniwala kayong nakaranas kayo ng diskriminasyon o pagganti dahil nagtanong kayo tungkol sa inyong mga karapatan, o ginamit ninyo ang mga ito sa ilalim ng MCO, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 upang mag-file ng reklamo batay sa MCO.

Huwag pirmahan ang dokumentong ito maliban na lamang kung lubos na ninyong naiintindihan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga reponsibilidad ng taga-empleyo o mga karapatan sa ilalim ng Ordinansang ito, kontakin ang OLSE sa (415) 554-7903 o bisitahin ang https://sf.gov/information/understanding-minimum-compensation-ordinance para sa iba pang impormasyon tungkol sa batas na ito.

Isulat sa Malalaking Letra ang Pangalan ng Empleyado: ______________________________

Pirma ng Empleyado: ______________________________ Petsa: ____________________

Para asistencia en Español, llame al (415) 554-7903

需要中文幫助，請電 (415) 554-7903

Revised 8/2023

*Para sa kompletong kopya ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ibayad (Minimum Compensation Ordinance), bisitahin ang https://sf.gov/information/understanding-minimum-compensation-ordinance.*